NAME:

DATE:

# Filipino Reading Comprehension

Practice reading and understanding sentences in Filipino. Read the short passage below and answer the questions below it. Encircle the letter of your choice.

Isa sa mga malalang problema sa Metro Manila ay ang polusyon. Napakaraming bagay ang nagdudulot ng maruming hangin sa paligid. Ang isa rito ay ang mga usok na galing sa mga sasakyan at pabrika. Maging ang paninigarilyo ay nakadadagdag sa polusyon sa syudad. Ang pagsisiga o pagpapausok ay nakaka-apekto rin sa dumi ng hangin. Kapag hindi nalunasan ang problemang ito, maraming tao ang magkakaroon ng sakit sa baga.

1. Ano ang isa sa mga malalang problema sa Metro Manila ayon sa talata?
   a. traffic    b. polusyon    c. bullying    d. kahirapan

2. Ano ang kasing-kahulugan ng salitang malala?
   a. mabigat    b. magaan    c. simple    d. nakakalito

3. Alin sa mga sumusunod ang HINDI pinagmumulan ng air pollution?
   a. usok galing sa mga sasakyan at pabrika
   b. paglindol at paggalaw ng lupa
   c. paninigarilyo
   d. pagsisiga o pagpapausok

4. Ano ang aral na makukuha mo sa talatang ito?
   a. dapat ay malunasan ang problema sa polusyon
   b. hindi dapat mag-alala ang mga tao
   c. huwag lalabas ng bahay upang hindi magkasakit
   d. tumira na lang tayo sa ibang bansa